**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**PHILIPPINE ARTS 150: INTRODUKSIYON SA PAG-AARAL NG KAMANAHANG KULTURAL**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL 4

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

## Introduksiyon

Tulad ng binanggit sa nakaraang modyul, napakahalaga na mairekord o maitala ang kamanahang kultural. Ang pagtatala ay isang paraan ng preserbasyon ng kamanahang kultural para maipasa sa darating pang panahon. Lalamanin din ng modyul na pangangailangan para sa sensitibo at angkop na pananaliksik sa mga komunidad na gagawan ng cultural mapping. Bibigyang diin sa modyul na ito ang mga paraan at hakbang tungo sa maayos, masinop, at sistematikong pagtatala.

## Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Linggo 5-6, inaasahan na ikaw ay:

1. Makatutukoy ng kahulugan at kahalagahan ng cultural mapping;
2. Makapagpapaliwanag ang mga hakbang at proseso sa cultural mapping;
3. Makapagtatalakay ang kahalagahan ng etiks at pagpapahalaga sa komunidad.

## Pananaliksik at Dokumentasyon ng Pag-aaring Kultural

Ipinaliwanag ng ASEAN Declaration on Cultural Heritage (2002) na ang kultura ay ang "*whole complex of distinctive spiritual, intellectual, emotional and material features that characterise a society or social group. It includes the arts and letters as well as human modes of life, value systems, creativity, knowledge systems, traditions and beliefs.*"

Dahil napakalawak ng terrain ng kultura at kamanahang kultural, mangangailangan ng lapit (approach) at metodolohiya sa pag-aaral nito. Isang mahalagang gabay tungo sa gawain ito ang cultural mapping. Inilalarawan nina Cook at Taylor (2013) ang cultural mapping bilang "*the set of activities and processes for exploring, discovering, documenting, examining, analysing, interpreting, presenting and sharing information related to people, communities, societies, places and the material products and practices associated with those people and places*." Sa gayon, isa itong pangkalahatang termino para sa pagtatala ng mga idea at gawain ng isang komunidad. Layunin nitong maintindihan at mapahalagahan ang komunidad.

**Gabay sa Talakayan sa Klase**

A. Basahin mo ang Kabanata 1 at Kabanata 3 ng *A Contemporary Guide to Cultural Mapping (2013)* nina Ian Cook at Kevin Taylor.

B. Pagkatapos basahin ang mga kabanata, pag-isipan mo ang sumusunod:

1. Bakit mahalaga ang cultural mapping?
2. Dahil miyembro tayo ng ASEAN, paano makatutulong ang cultural mapping sa ating identidad at pagkakaisa bilang isang rehiyon?
3. Makatutulong ba ang cultural mapping kung may sigalot o tensyon sa pagitan ng dalawang komunidad o bansa?

Sa Kabanata 3 ng *A Contemporary Guide to Cultural Mapping (2013),* ipinapaliwanag ang kahalagahan ng cultural mapping at ang mga stakeholders sa gawaing ito. Bilang isang proyekto tungkol sa komunidad, mahalagang may aktibong partisipasyon ang komunidad dito.

Sa Pilipinas, maraming pag-aaral na gumagamit ng cultural mapping bilang metodolohiya. Isang halimbawa ang *The Cultural Mapping Project of the Heritage City of Vigan Towards building a Framework for Heritage Conservation and Sustainable Development (2008)* ni Zerrudo. Tinalakay niya ang apat na yugto ng heritage conservation (awareness, appreciation, protection and utilization). Inilapat niya ito sa pag-aaral tungkol sa Vigan, Ilocos Sur bilang mahalagang bahagi ng kasaysayan at kalinangan ng bansa.

**Gabay sa Talakayan sa Klase**

Basahin mo ang *The Cultural Mapping Project of the Heritage City of Vigan Towards building a Framework for Heritage Conservation and Sustainable Development (2008)* ni Zerrudo.

Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:

1. Paano ipinaliwanag ang aplikasyon ng apat na yugto sa kaso ng Vigan, Ilocos Sur?
2. Paano tumutugon ang apat na yugto sa konsepto ng pag-unlad ng bayan?

<u>Pananaliksik at Dokumentasyon ng Pag-aaring Kultural</u>

Sa kaso ng Pilipinas, nakasaad sa RA 10066 o ang National Cultural Heritage Act of 2009 ang pagtatatag ng isang cultural registry. Kasalukuyan itong Philippine Registry of Cultural Property o PRECUP. Dito itatala ang impormasyon tungkol sa mahahalagang pag-aaring kultural ng Pilipinas. Isa itong gawain na nakalagay sa kamay ng mga Local Government Units (LGU) at papatnubayan ng National Commission for Culture and the Arts.

Ang pananaliksik sa pamamagitan ng cultural mapping ay nangangahulugang pagdulog sa karanasan at buhay ng komunidad. Mangangailangan ito ng pagkonsulta sa mga stakeholders tulad ng lider ng baranggay, organizer ng komunidad, mga pribadong grupo at institusyon, at iba pa. Matitiyak ng pakikipag-ugnayan sa kanila na tiyak, angkop, at

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

mahalaga ang anumang makukuhang impormasyon tungkol sa pag-aaring kultural. Kailangang tingnan ang komunidad at ang mga miyembro nito bilang mga partner at kabahagi sa layunin ng pagtatanggol at pagsusulong ng kanilang pag-aaring kultural. Kung kaya mahalaga na ang anumang pagdulog at pananaliksik ay hindi mapanamantala o tungo sa makasariling hangarin. Ito ang iniiwasan ng RA 8371 o Indigenous People's Rights Act of 1997.

| | |
|---|---|
| **Gabay sa Talakayan sa Klase** | |
| Basahin mo ang sanaysay na *Considering the denigration and destruction of Indigenous heritage as violence* nina George Nicholas at Claire Smith.<br><br>Pagkatapos basahin ang batas, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>1. Tukuyin at talakayin ang Art. 11, 12, at 31 ng 2007 United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples. Sumusunod ba ang Pilipinas sa deklarasyong ito? Ipaliwanag mo.<br>2. Ano-ano ang tatlong sektor na nakararanas ng karahasan sa konteksto ng kamanahang kultural? Mayroon bang kaugnay na karanasan ang Pilipinas sa mga karahasang nabanggit? Maghanap ng halimbawa at talakayin ang bawat sektor batay sa karanasan ng Pilipinas.<br>3. Maghandang iulat ang iyong nasaliksik sa #2. | |
| **Format ng Pangkatang Pag-uulat:** Powerpoint presentation, 10 slides max, 20 mins max. | |
| **Rubrik ng Pagpupuntos para sa Pangkatang Pag-uulat (10pts):** | |
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain** | 1pt |
| **Ispontanyong pag-uulat** | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 2pts |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 2pts |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Masusing pananaliksik sa halimbawa | 2pts |
| Malinaw na pagpapaliwanag ng mga idea | 2pts |

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

<u>Pangwakas</u>

Natutunan mo ang kahulugan, proseso, at kahalagahan ng cultural mapping ng pag-aaring kultural. Natutunan mo rin na ang pananaliksik sa kamanahang kultural ay kailangang isagawa sa isang paraan na rumerespeto at kumikilala sa identidad ng lokalidad at grupong lumikha nito. Gayundin, binibigyang proteksiyon ng RA 8371 ang mga IPs, sa katotohanan lahat ng mga bulnerableng sektor at komunidad ay nangangailangan ng proteksiyon laban sa mapanamantalang pananaliksik. Dahil kung tunay at tapat ang layunin na magsulong ng mapagpalayang pananaliksik sa kamanahang kultural, kailangang isaisip at isulong ang kabutihan at pangangalaga sa mga komunidad na ito.

Mga Sanggunian:

Ian Cook & Ken Taylor. A Contemporary Guide to Cultural Mapping. An ASEAN-Australia Perspective Jakarta: ASEAN Secretariat, April 2013. https://asean.org/?static_post=a- contemporary-guide-to-cultural-mapping-an-asean-australia-perspective

ASEAN Declaration On Cultural Heritage, Bangkok, Thailand 24-25 July 2000, http://arc- agreement.asean.org/file/doc/2015/02/asean-declaration-on-cultural-heritage.pdf

Zerrudo, E.B. The Cultural Mapping Project of the Heritage City of Vigan Towards building a Framework for Heritage Conservation and Sustainable Development. 3rd International Memory of the World Conference. Australia. Feb. 19-22, 2008. http://www.unesco.org/new/fileadmin/MULTIMEDIA/HQ/CI/CI/pdf/mow/mow_3rd_international_conference_eric_babar_zerrudo_en.pdf

RA 8371 o Indigenous People's Rights Act of 1997. https://www.officialgazette.gov.ph/1997/10/29/republic-act-no-8371/

Talapamana ng Pilipinas o Philippine Registry of Cultural Property (PRECUP) Brochure. https://ncca.gov.ph/philippine-registry-cultural-property-precup/

George Nicholas and Claire Smith. (2020). Considering the denigration and destruction of Indigenous heritage as violence. *Critical Perspectives on Cultural Memory and Heritage: Construction, Transformation and Destruction*. London: UCL Press. Pp. 131-154. DOI: https://doi.org/10.14324/111.9781787354845

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)